MJSIR
Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research
PRINT ISSN: 2619-7855
ONLINE ISSN: 2651-7744
July-December 2025 • 85 (2) : 83-97

# Pagsusuri sa Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay

**Maricel L. Mendoza**

*Department of Education-Cordillera Administrative Region*
*Author email address: maricel.mendoza@deped.gov.ph*

ARTICLE INFO

*Date Received: 03-03- 2025*
*Date Last Revised: 10-07, 2025*
*Date Accepted: 12-16-2025*

KEYWORDS

Replektibong Sanaysay
Akademikong pagsulat
Kasanayan sa pagsulat
senior high school students
Grade 12 learners
Reflective practice
Cohesion and coherence

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo at deskriptibong pananaliksik na naglalayong suriin ang Kasanayang Pampagkatuto sa Pananaliksik: Isang Paglirip at Pagtataya sa pamamagitan ng pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, kabilang ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, pati na rin ang epekto ng iba't ibang panlipunang kalagayan sa kanilang pagganap sa pagsusulat. Sinuri ang 60 mag-aaral mula sa HUMSS at STEM strands sa isang pampublikong senior high school na may limitadong kagamitan at hindi magkakatulad na antas ng paggamit ng wika—mga salik na may malaking impluwensiya sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat. Nakatuon ang pagsusuri sa apat na pangunahing aspekto: kohesyon, koherensiya, lingwistika, at argumentasyon. Ipinakita ng mga natuklasan na bagama't mahusay na naiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang personal na karanasan sa kanilang mga replektibong sanaysay, nahirapan silang mapanatili ang lohikal na organisasyong makapagpakita ng mas malalim na kritikal na pagninilay, at gumamit ng wastong estrukturang pangwika. Ipinahiwatig ng mga resulta na ang kamalayan sa pang-unawa at ang pagsasanay sa kritikal na kaalaman ng mga mag-aaral ay humubog ng mga umiiral na limitasyon ng kapaligirang pang-edukasyon. Nag-ambag ang pag-aaral na ito sa literatura ng replektibong pagsulat sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa ugnayan ng panlipunang kalagayan at kasanayang pang-unawa, at sa pag-angkop ng pedagohiya upang maging mas malawak sa iba't ibang lingguwistika at sosyo-edukasyonal na kalagayan.

## Abstract

*This qualitative descriptive study explores the reflective essay writing skills of Grade 12 students, a crucial aspect of academic writing. It aims to assess their proficiency, identify strengths and weaknesses, and examine how contextual factors shape their reflective writing performance. Utilizing a descriptive research design, the study examined 60 students from the HUMSS and STEM strands in a public senior high school, where learners often face limited resources and varied language exposure—factors that significantly influence their writing development. The analysis focused on four key aspects: cohesion, coherence, linguistic accuracy, and argumentation. Findings revealed that while students effectively connect personal experiences to their essays, they struggle to sustain logical organization, develop*

*This work is licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 International License.*

*critical reflection, and apply precise linguistic structures. These results provide new insight into how metacognitive awareness and reflective practice manifest among Filipino senior high school students within resource-constrained settings. The study contributes to the growing body of research on reflective writing by highlighting the interaction between contextual limitations and students' metacognitive engagement, emphasizing the need to adapt writing pedagogy to diverse linguistic and socio-educational realities.*

## Pambungad

Sa kasalukuyang panahon, ang pagsulat ay may mahalagang papel sa paghubog ng kaisipan at pagpapahayag ng sarili ng isang indibidwal. Isa ito sa mga pangunahing kasanayang dapat taglayin ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng akademikong pagsulat. Partikular na mahalaga ang replektibong sanaysay bilang isang anyo ng sulatin na nagpapahintulot sa manunulat na pagnilayan ang kanyang mga karanasan, pag-unawa, at pananaw batay sa isang tiyak na paksa o sitwasyon. Ayon kay Abadilla (2018), ang sanaysay ay isang "nakaulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay." Samantala, binanggit nina Kellogg (2008) at Flower at Hayes (1981) na ang pagsulat ay isang kognitibong gawain na nangangailangan ng mataas na antas ng pagpoproseso ng impormasyon at organisasyon ng ideya.

Higit pa sa paglalahad ng impormasyon, ang replektibong sanaysay ay isang mas malalim na pagsusuri at pagninilay sa isang karanasan o konsepto. Gayunman, maraming mag-aaral sa Senior High School ang nahihirapan sa pagsulat nito. Batay sa obserbasyon, ilan sa mga karaniwang suliranin ay ang kakulangan sa lohikal na organisasyon ng ideya, pangamba sa pagsulat, at kahirapan sa pagpapahayag ng mas malalim na pagsusuri at pagninilay. Pinatotohanan ito ng ilang naunang pag-aaral, natukoy nina Nguyen at Nguyen (2020) na kadalasang problema ng mga mag-aaral ay kakulangan sa ideya, organisasyon ng sanaysay, at limitadong bokabularyo. Sa kabilang banda, ipinakita nina Chong et al. (2019) at Ramos (2022) na ang malinaw na rubrik, gabay, at feedback mula sa guro o kapwa mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapahusay ng estruktura at lalim ng pagsusulat. Inirekomenda naman nina Bernardo (2018) at Moon at Fowler (2021) ang paggamit ng scaffolding techniques at journal writing bilang epektibong estratehiya upang mapaunlad ang reflective writing.

Bagama't may mga umiiral nang pananaliksik, mapapansin na karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat at hindi partikular sa replektibong sanaysay. Naiiba ang replektibong pagsulat sapagkat sinusukat nito hindi lamang ang antas ng kaalaman, kundi pati ang lalim ng pag-unawa, personal na karanasan, at kritikal na pagninilay ng mag-aaral. Bukod dito, kakaunti ang mga empirical na pag-aaral na nakasentro sa mga mag-aaral sa Senior High School sa Pilipinas. Kadalasan, ang mga umiiral na pananaliksik ay nakapokus sa ibang bansa o sa antas kolehiyo. Dagdag pa rito, hindi rin sapat ang pagsusuri sa mga espesipikong aspekto ng replektibong pagsulat tulad ng kohisyon, kohirens, lingguwistika at argumentasyon.

Upang mapunan ang kakulangang ito, pinalawak ang pagsusuring literatura sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kaugnay na pag-aaral na lokal at internasyonal hinggil sa replektibong pagsulat at sa mga karaniwang suliranin sa akademikong pagsulat. Ang pagpapalawak na ito ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng pananaliksik at higit na nagpatingkad sa pangangailangan ng kasalukuyang pag-aaral. Mula rito, lumilitaw ang puwang sa pananaliksik na tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral: (1) kulang ang mga pananaliksik na nakatuon sa pagsulat ng replektibong sanaysay bilang natatanging genre, (2) limitado ang lokal na ebidensya para sa Senior High School learners sa Pilipinas, at (3) hindi pa detalyadong natutukoy kung aling aspekto ng reflective writing ang pinakamahina at nangangailangan ng interbensyon.

Upang magkaroon ng mas matibay na pundasyon, ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa dalawang teorya. Una, ang Metacognition Theory ni Flavell (1979), na tumutukoy sa kakayahan ng indibidwal na suriin at kontrolin ang sariling proseso ng pag-iisip—isang kasanayang kritikal sa pagpaplano, organisasyon, at pagsusuri ng sulatin. Ikalawa, ang Reflective Practice ni Schön (1983), na binibigyang-diin ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagninilay bilang susi sa pagkatuto at patuloy na pag-unlad.

Ang dalawang teoryang ito ay malinaw na ipinakilala at ipinaliwanag bilang teoretikal na pundasyon ng pag-aaral. Nagkakatagpo ang mga ito sa pagpapaliwanag kung paano nahuhubog

ang kasanayan ng mga mag-aaral sa reflective writing: ang metacognition ay nagbibigay ng internal cognitive control, samantalang ang reflective practice ay naglalapat ng pagninilay sa aktwal na karanasan, kaya't kapwa sila nagsisilbing gabay sa pag-unawa at pagsusuri sa proseso ng pagsulat ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ang kasalukuyang pag-aaral ay nagsusuri sa reflective essay writing ng mga mag-aaral sa Ikalabindalawang Baitang upang matukoy ang kanilang lakas at kahinaan. Layunin nitong makapagbigay ng konkretong mungkahi para sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto sa larangan ng akademikong pagsulat, lalo na sa konteksto ng Senior High School sa Pilipinas.

### Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na kumalap ng impormasyong kinakailangan para tuklasin ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Senior High School ng Rizal National High School, Baguio City sa Panuruang Taon 2023-2024. Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng akademikong sulatin, lalo na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang mga katanungan ay ibinase sa pag-aaral nina Datuin (2022) na may pamagat na Isang Pagsusuri sa Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay. Ang mga sumusunod na katanungan ay: ano ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay batay sa sumusunod: (a) Kohisyon (b) Kohirens (c) Lingguwistika (d) Argumentasyon); ano-ano ang mga tiyak na kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong pagsulat?; at ano ang panukalang gawain upang mapaunlad ang kasanayan ng mag-aaral sa pagsasagawa ng akademikong sulatin.

## Metodo ng Pananaliksik

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang ginamit na disenyo ng pananaliksik sa pag-aaral na ito ay ang kwalitatibong deskriptibong paglalarawan upang malaman ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ng Senior High School. Pinili ang isang paksa na ibinigay ng mananaliksik upang masukat ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Ginamit ang pamamaraang ito upang maanalisa, masuri, at matabulate ang mga datos, at makalap ang kinakailangang katibayan hinggil sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

Ang pagpapalawak na ito sa methodology ay makakatulong sa mambabasa na maunawaan kung bakit may ilang talahanayan na naglalaman ng quantitative data, habang ang iba naman ay hindi, sapagkat bagama't pangunahing kwalitatibo ang pag-aaral, may bahagi ng datos na nasukat sa numerikal na paraan upang mas malinaw ang pagsusuri at pagbibigay-katwiran sa mga obserbasyon.

### Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral

Ang lahat ng panayam ay naitala, itinranskrayb, at sinuri gamit ang cool at warm analysis ni De Guzman (2013). Ang mga pahayag ng mga kalahok ay pinangkat ayon sa pagkakatulad upang makabuo ng mga tema, na muling sinuri, ipinaliwanag, at binigyang-kahulugan. Upang matiyak ang kawastuhan, ang mga nabuo na tema ay ibinalik sa mga tagatugon para sa beripikasyon. Ayon kina Bricki at Green (2017), ang thematic analysis ay nakatutok sa pagtukoy ng mga karaniwang isyu at kaisipan upang makabuo ng pangunahing tema. Ang mga natuklasang kaisipan ang siyang naging batayan sa pagbuo ng buod, kongklusyon, at rekomendasyon ng pag-aaral.

Isinagawa ang pananaliksik sa isang piling pampublikong paaralan sa Lungsod ng Baguio. Napili ang Rizal National High School bilang lugar ng pag-aaral at dito isinagawa ang pagsusuri upang ipakita ang kasanayang pampagkatuto sa pananaliksik ng mga mag-aaral. Ang tuon ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 12 mula sa strand ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) at Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM).

### Mga Instrumento sa Paglikom ng Datos

Mayroong tatlong talatanungan na nakadisenyo sa isang komprehensibong pormat. Gumamit ng nabalidong talatanungan upang maging madali at komportable para sa mga kalahok ang pagsagot at upang malinaw na maipahayag ang layunin ng pananaliksik. Kasama rito ang paggamit ng survey guide at gabay sa pakikipanayam, na nagsilbing batayan ng mga mananaliksik upang manatili sa mga suliraning tinutugunan ng pag-aaral.

Ang survey guide checklist ay ibinatay sa pananaliksik ni Alcober (2015). Ang mga komento at mungkahi mula sa mga eksperto ay isinama at hinango para sa higit na ikabubuti ng instrumento. Ang hiniram na istandardisadong talatanungan ay pinagtibay sapagkat ito ay napatunayan na ng awtor.

Mahalaga ring malinaw na maipakita ang mga pamantayan sa pagtatasa ng mga replektibong sanaysay upang matiyak ang kaugnayan ng instrumento sa layunin ng pag-aaral. Kabilang dito ang sumusunod: (1) Pagsukat sa antas ng pagkakaugnay at maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap at talata upang maging malinaw ang mensahe ng sanaysay. (2) Pagtukoy sa lohikal na daloy at organisasyon ng mga ideya mula simula hanggang wakas na nagpapakita ng estruktura ng pag-iisip ng manunulat. (3) Pagsusuri sa wastong paggamit ng gramatika, bokabularyo, at estruktura ng wika na nagpapalakas sa bisa ng komunikasyon. (4) Pagtataya sa lalim at tibay ng repleksyon, kabilang ang paggamit ng sapat na ebidensya o halimbawa upang masuportahan ang ideya ng mag-aaral.

Sa pamamagitan ng mga pamantayang ito, naging malinaw kung paano ginamit ang instrumento bilang batayan sa pagsusuri ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Ito rin ay nagsilbing gabay upang matukoy ang kanilang kalakasan at kahinaan, gayundin upang makapagpanukala ng angkop na estratehiya para sa kanilang pag-unlad sa pagsulat.

**Paraan ng Paglikom Ng Datos**

Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral at paghingi ng pahintulot mula sa kanilang mga magulang. Ang mga mag-aaral ay sinuri gamit ang mga tanong na ibinigay online sa pamamagitan ng iba't ibang plataporma. Naghanda ang mananaliksik ng survey guide na binubuo ng tatlo (3) bahagi: (1) personal na impormasyon ng mga kalahok, (2) mga tanong hinggil sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, at (3) pamantayan sa pagtatasa ng replektibong sanaysay.

**Talahanayan 1**

*Distribusyon ng Respondente*

| Paaralan | Mga Istrand na Kabilang | Bilang ng Kalahok sa Bawat Istrand |
|---|---|---|
| Rizal National High School | Humss | 30 |
| | Stem | 30 |
| **Kabuoang Bilang** | | **60** |

Upang matiyak ang bisa ng instrumento, ang mga katanungan ay sinuri ng tatlong (3) Master Teacher at isang (1) eksperto mula sa paaralan. Bukod dito, nagsagawa rin ang mananaliksik ng pangangalap ng impormasyon mula sa mga magasin, aklat, dyaryo, pamanahunang papel, at mga mapagkakatiwalaang sanggunian sa internet. Ang lahat ng ito ay nakatulong upang higit na maunawaan at masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

Sa pagtukoy ng mga mag-aaral na naging kasangkot sa pag-aaral, ginamit ang random sampling kung saan isinagawa ang fishbowl technique upang tukuyin kung sino-sino mula sa istrand ng HUMSS at stem ng ikalabindalawang Baitang ng Senior High School ang naging kabilang sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral mula sa mga istrand na ito ay nagpakita ng patuloy na pagbaba ng bahagdang bihasa sa akademikong pagsulat (Talahanayan 1).

**Pagtrato ng Datos**

Ang lahat ng panayam ay naitala, itinranskrayb, at sinuri gamit ang "cool and warm analysis" ni De Guzman (2013). Sa paraang ito, unang binasa at sinuri ng mananaliksik ang datos nang obhetibo (cool stage) upang matukoy ang pangkalahatang nilalaman. Pagkatapos, muling sinuri ang datos nang mas malalim (warm stage) upang bigyang-pansin ang mga emosyon, tono, at intensyon ng mga sagot ng mga kalahok.

Upang higit na malinawan, isinagawa ang thematic analysis gaya ng binanggit nina Bricki at Green (2017). Ang mga pahayag mula sa essays at interviews ay pinangkat batay sa pagkakatulad ng ideya at kalaunan ay binuo bilang mga tema na kumakatawan sa apat na pangunahing aspekto: cohesion, coherence, linguistic accuracy, at depth of reflection/argumentation.

Ang apat na rubric criteria na ito ay detalyadong ipinaliwanag sa Methodology section, upang malinaw na maipakita ang mga batayan sa

pagsusuri ng mga reflective essays. Ang mga tema ay muling sinuri, ipinaliwanag, at ibinalik sa mga kalahok upang matiyak ang kawastuhan at kredibilidad ng interpretasyon.

## Paglalahad ng Resulta ng Pananaliksik

Sa bahaging ito, ilalahad at tatalakayin ang mga natuklasang datos batay sa isinagawang pagsusuri. Ang presentasyon ay nakaayos upang malinaw na maipakita ang ugnayan ng mga resulta sa mga layunin ng pag-aaral. Ginamit sa pagsusuri ang rubrics na nakatuon sa apat na pamantayan: pagkakaugnay at organisasyon ng mga pangungusap at talata, lohikal na daloy ng ideya, wastong gamit ng wika, at lalim ng repleksyon. Upang higit na masuri at maunawaan ang mga sagot ng mga kalahok, isinagawa ang thematic analysis kung saan pinangkat ang mga pahayag ayon sa pagkakatulad at binuo bilang mga tema. Ang mga temang ito ay muling sinuri, ipinaliwanag, at ibinalik sa mga tagatugon para sa beripikasyon.

Sa presentasyon ng mga resulta, unang ilalahad ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Susundan ito ng pagtalakay sa kanilang mga kalakasan at kahinaan batay sa isinagawang pagsusuri. Pagkatapos, ipapaliwanag ang implikasyon ng mga natuklasan sa pagtuturo at pagkatuto, na susuportahan ng mga kaugnay na pag-aaral at pananaw ng mga eksperto. Sa huli, ilalahad ang mga mungkahing estratehiya na maaaring gamitin upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

Sa kabila ng kahalagahan ng pagsulat, maraming mag-aaral ang nakararanas ng hamon sa paggawa ng sanaysay, partikular na sa replektibong anyo nito. Ayon kay Silva (2020), ang kasanayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa, kritikal na pagsusuri, at epektibong organisasyon ng mga ideya. Dagdag pa rito, binanggit ni Jones (2019) na ang kahusayan sa pagsulat ay maaaring maapektuhan ng iba't ibang salik tulad ng antas ng kaalaman sa gramatika, kakayahang mag-analisa ng impormasyon, at personal na motibasyon ng mag-aaral.

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, lumitaw na ang mga mag-aaral ay may kakayahang iugnay ang kanilang mga karanasan sa kanilang mga sulatin, subalit nakararanas pa rin sila ng kahinaan sa organisasyon ng ideya, pagbuo ng argumento, at wastong paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng thematic analysis, malinaw na inilarawan ang proseso ng pagsusuri ng datos at ang pagbuo ng mga tema batay sa apat na aspekto ng pagsulat: cohesion, coherence, linguistic accuracy, at depth of reflection/argumentation.

Mula sa mga natuklasang ito, iminungkahi ang ilang estratehiya sa pagtuturo tulad ng paggamit ng journal writing upang mapalawak ang bokabularyo, case analysis upang malinang ang kritikal na pag-iisip at kakayahang magpahayag ng argumento, at mga gawaing nakabatay sa tunay na karanasan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalaysay at mas malalim na pag-unawa.

### Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay

#### *Kohesyon*

Makikita na sa aspektong kohesyon, karamihan sa mga mag-aaral (63%) ay paulit-ulit na gumamit ng parehong pang-ugnay tulad ng "bukod dito" o "samantala," na nagpapahiwatig ng kakulangan sa kaalaman sa iba't ibang uri ng pang-ugnay. Samantala, 70% ng mga mag-aaral ang nagpakita ng mahinang transisyon ng mga ideya, bunga ng hindi malinaw na organisasyon bago pa man sila magsimula sa pagsulat. Dagdag pa rito, 58% ang naghiwalay ng magkakaugnay na ideya sa magkaibang talata, na nagpapakita ng kakulangan sa pagsasanay sa pagbubuo ng lohikal na daloy ng kaisipan (Talahanayan 2).

Sa aspektong koherens, 67% ng mga mag-aaral ang nahirapan sa pagpapanatili ng malinaw na ugnayan ng mga ideya sa loob ng talata. Ipinapahiwatig nito na maraming mag-aaral ang hindi pa ganap na marunong magplano ng nilalaman bago magsulat.

Sa aspektong linguistic, 55% ang nagkamali sa paggamit ng panlapi at bantas, na maaring dulot ng limitadong kaalaman sa gramatika at kakulangan sa pagkakalantad sa wasto at pormal na paggamit ng wika.

Pinakamataas naman ang porsyento sa aspektong argumentation, kung saan 77% ng mga

**Talahanayan 2**

*Mga Karaniwang Pagkakamali at Dahilan sa Aspektong Kohesyon ng Sanaysay ng mga Mag-aaral*

| Aspekto | Karaniwang Pagkakamali | Bilang ng mga Mag-aaral (n=60) | Porsiyento (%) | Posibleng Dahilan |
|---|---|---|---|---|
| Kohesyon | Paulit-ulit na paggamit ng parehong pag-uugnay | 38 | 63 | Kakulangan sa kaalaman sa iba't ibang uri ng pang-ugnay |
| | Mahinang transisyon ng mga ideya | 42 | 70 | |
| | Paghihiwalay ng magkakaugnay na ideya sa magkaibang talata | 35 | 58 | Kawalan ng sapat na pagsasanay sa pagbubuo ng lohikal ng daloy ng kaisipan |
| Koherens | Hindi malinaw ang ugnayan ng mga ideya sa talata | 40 | 67 | Kakulangan sa pagpaplano ng nilalaman |
| Linguistic | Mali ang paggamit ng panlapi at bantas | 33 | 55 | Limitadong kaalaman sa gramatika |
| Argumentation | Kakulangan ng lohikal na ebidensya o halimbawa | 46 | 77 | Hindi sanay sa pagbibigay suporta sa sariling pananaw |

mag-aaral ang nagkulang sa pagbibigay ng lohikal na ebidensiya o kongkretong halimbawa upang suportahan ang kanilang pananaw. Ipinapakita nito na marami sa kanila ang hindi pa sanay sa pagbibigay-suporta sa sariling argumento—isang kakayahang mahalaga sa akademikong pagsulat. Ang kohisyon ay ang ugnayan at pagkakaisa ng mga bahagi ng isang teksto upang ito ay maging malinaw, maayos, at madaling maunawaan ng mambabasa. Halimbawang isinulat ng mag-aaral:

> *“Ang online learning ay mahirap para sa akin. Maraming pagsubok ang kinakaharap ng mga mag-aaral. Marami akong natutunan sa online class. Ang internet connection ay mabagal kaya minsan hindi ako nakakasabay. Ang guro ay nagpapadala ng maraming gawain. Minsan, hindi ko agad natatapos.”*

> *"Ang edukasyon ay mahalaga sa ating buhay. Marami akong natutunan sa panahon ng pandemya. Maraming klase sa online learning. Nahihirapan ako minsan, pero nakakaya ko naman. Ang pamilya ko ay laging nandyan para suportahan ako."*

> *"Dahil sa online learning, natuto akong maging mas responsable sa aking oras. Minsan nakakapagod din. Ang teknolohiya ay mahalaga sa pag-aaral. Ang pag-aaral ay dapat pahalagahan ng bawat mag-aaral. Ipaliwanag ito batay sa kohisyon magsimula sa batay sa isinlat ng mag-aaral.”*

Batay sa isinulat ng mag-aaral, mapapansin na may mga ideyang nauulit at may kakulangan sa kohisyon o lohikal na ugnayan ng mga pangungusap sa loob ng sanaysay. Ang bawat talata ay tila may magkakahiwalay na ideya, kaya nagiging mahirap para sa mambabasa na makita ang malinaw na koneksyon ng mga ito. Ipinapakita nito ang kakulangan ng mag-aaral sa metacognitive awareness na binigyang-diin ni Flavell (1979)—ang kakayahang suriin at kontrolin ang sariling proseso ng pag-iisip habang sumusulat. Kung walang ganitong kamalayan, nagiging limitado ang kakayahan ng mag-aaral na mapansin kung nag-uulit siya ng ideya o kung may kakulangan sa lohikal na daloy ng kanyang sanaysay.

Upang mapabuti ang kohisyon, kailangang gumamit ng angkop na pang-ugnay upang maipakita ang relasyon ng mga pangungusap. Halimbawa, sa halip na “*Maraming pagsubok ang kinakaharap ng mga mag-aaral. Marami akong natutunan sa online class*,” maaaring gawing

"*Bagaman maraming pagsubok ang kinakaharap ng mga mag-aaral, natutunan ko pa rin ang maraming bagay sa online class,*" na nagpapakita ng mas malinaw na ugnayan ng ideya. Ipinapakita nito ang reflective practice ni Schön (1983)—ang kakayahan ng manunulat na suriin ang sarili niyang karanasan at isaalang-alang ito sa proseso ng pagwawasto o pagrepaso ng kanyang sulatin.

Ayon kina Halliday at Hasan (1976), ang kohesyon ay isang mahalagang elemento sa wika na tumutulong sa pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa isang teksto. Samantalang binigyang-diin naman ni Hyland (2005) na ang paggamit ng mga pang-ugnay at iba pang kohesibong elemento ay may malaking epekto sa pagkaunawa ng mambabasa sa akademikong pagsusulat. Gayunman, ipinapakita ng resulta na maraming mag-aaral ang hindi pa ganap na nagagamit ang mga ito nang epektibo dahil kulang pa sila sa metacognitive regulation—ang kakayahang planuhin, subaybayan, at suriin ang istruktura ng kanilang sanaysay habang sumusulat.

Mas mainam na ipahayag ang ideya nang malinaw at magkakaugnay, tulad ng: "*Dahil sa teknolohiya, nagpatuloy ang edukasyon sa gitna ng pandemya. Kaya bilang mag-aaral, dapat kong pahalagahan ang pag-aaral at gamitin nang maayos ang makabagong paraan ng pagkatuto.*" Sa kabuuan, ipinakikita ng pagsusuring ito na ang kakulangan sa kohisyon ay hindi lamang isyung lingguwistiko kundi kognitibo at replektibo rin. Sa pamamagitan ng metacognition at reflective practice, matutulungan ang mga mag-aaral na maging mas mapanuri, mas maingat, at mas epektibong manunulat.

***Kohirens***

Ang kohirens ay ang malinaw at lohikal na pagkakaayos ng mga ideya sa isang teksto o sanaysay. Ito ay tumutukoy sa kung paano magkakaugnay at nagtutulungan ang mga pangungusap at talata upang bumuo ng isang maayos at madaling maunawaang kabuuan. Isang halimbawa na sinulat ng mag-aaral:

> *"Noong una, inakala kong madali lamang ang pagtanggap ng pagbabago. Sa online learning, may mga hamon akong naranasan. Mahalaga ang tamang pamamahala ng oras sa buhay. Napagtanto ko na ang bawat hamon ay may kalakip na aral, at masarap kumain ng paborito kong pagkain habang nag-aaral"*

Batay sa isinulat ng mag-aaral, makikita na may mga ideyang nais ipahayag, ngunit ang mga ito ay hindi ganap na magkakaugnay. Ang daloy ng sanaysay ay may mga bahagi na tila putol o walang malinaw na koneksyon, lalo na sa pagitan ng tamang pamamahala ng oras at pagkain habang nag-aaral. Ang ganitong pagkakabuo ng sanaysay ay nagpapakita ng kakulangan sa kohirens, na isang mahalagang aspeto sa epektibong pagsulat.

Bukod sa hindi malinaw na ugnayan ng mga ideya, kapansin-pansin din ang kakulangan ng mga pang-ugnay o cohesive devices na maaaring makatulong upang mas maayos na maiugnay ang bawat pangungusap. Halimbawa, walang sapat na transisyon na nag-uugnay sa konsepto ng hamon sa online learning patungo sa kahalagahan ng pamamahala ng oras, kaya't nagiging mahirap para sa mambabasa na makita ang lohikal na koneksyon ng mga ito (Talahanayan 3).

**Talahanayan 3**

*Mga Karaniwang Pagkakamali at Dahilan sa Aspektong Kohirens ng Sanaysay ng mga Mag-aaral*

| Aspekto | Karaniwang Pagkakamali | Posibleng Dahilan |
|---|---|---|
| Kohirens | Hindi malinaw ang ugnayan ng mga ideya | Kawalan ng lohikal nga pagkasunod-sunod |
| | Biglaan paglipat ng paksa (non-sequitur) | Kakulangan sa kasanayan sa organisasyon ng teksto |
| | Kakulangan ng pang-ugnay o cohesive devices | Hindi paggamit ng angkop na transisyon sa sanaysay |
| | May mga ideya na hindi konektado sa pangunahing argumento | Kakulangan sa pagtutok sa sentral sa paksa |

Ayon kina Murray at Hughes (2008) sa kanilang aklat na Writing Up Your University Assignments and Research Projects, binigyang-diin nila na ang isang epektibong sanaysay ay may malinaw na istruktura at transisyon upang madaling maunawaan ng mambabasa.

Mula kina Grabe at Kaplan (1996), sa kanilang pag-aaral tungkol sa coherence in academic writing, kanilang ipinahayag na ang isang tekstong may kohirens ay may malinaw na ugnayan ng ideya at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon.

Dagdag pa rito, ang biglaang pagbanggit ng personal na kagustuhan sa pagkain ay isang non-sequitur o isang ideya na hindi sumusunod sa lohikal na daloy ng argumento. Sa halip na mapalalim ang diskusyon, nagiging hadlang ito sa pag-unawa ng pangunahing punto ng sanaysay.

Upang mapabuti ang kohirens, maaaring gamitin ang mga estratehiya tulad ng pagpapalawak ng paliwanag sa bawat ideya, pagpapakilala ng malinaw na koneksyon gamit ang angkop na pang-ugnay, at pagtiyak na lahat ng pahayag ay may kontribusyon sa pangunahing argumento ng sanaysay. Sa ganitong paraan, mas magiging organisado at epektibo ang pagpapahayag ng kaisipan ng mag-aaral.

**Linggwistika**

Ang linggwistika ay tumutukoy sa pag-aaral ng wika, kasama na ang mga aspeto nito tulad ng mga tunog, bantas, gramatika, semantika, at pragmatika.

Pansinin ang halimbawang talata mula sa isinulat ng mag-aaral:

> "*Ang natutunan ko sa aralin na ito ay ang buhay ay parang gulong, minsan nasa baba, minsan nasa ilalim.*"

Mula sa pangungusap na "Ang natutunan ko sa aralin na ito ay ang buhay ay parang gulong, minsan nasa baba, minsan nasa ilalim." ay may maling paggamit ng lingguwistika dahil hindi tama ang lohikal na paghahambing sa ginamit na metapora. Ang "minsan nasa baba, minsan nasa ilalim" ay magkatulad ang kahulugan, kaya nagiging redundant o paulit-ulit ang ideya. Sa halip, dapat itong itama upang maipahayag nang mas malinaw at epektibo ang nais sabihin, tulad ng "Ang natutunan ko sa araling ito ay ang buhay ay parang gulong, minsan nasa itaas, minsan nasa ibaba," na mas maayos ang pagkakabuo dahil ipinapakita nito ang pagbabago ng estado ng isang tao sa buhay, mula sa tagumpay patungo sa pagsubok at vice versa (Talahanayan 4).

Ayon kina Coppen at Rijt (2020), ang kaalaman sa lingguwistika ay hindi lamang dapat na nauugnay sa kaalaman sa terminolohiya bagkus kinakailangan ding nauunawaan na ang wika ay isang bagay na may sukdulang kahalagahan sa isang indibiduwal, lipunan, at kultural na aspeto. Ang komponent ng lingguwistika ay nahati sa dalawang bahagi, ang pag-unlad sa kaalaman at pagtanggap sa isang panibagong wika gayundin ang pagkatuto ng gramatika.

Mapapansin din sa ikalawang talata mula sa isinulat ng mag-aaral ang susunod na halimbawa:

> "*Ang sanaysay na ito ay nakatulong sa akin upang maunawaan ang importansya ng edukasyon sa buhay natin, kaya naman gagamitin ko ito sa aking araw-araw na pamumuhay.*"

Sa konteksto makikita ang ang pangungusap na "*Ang sanaysay na ito ay nakatulong sa akin upang maunawaan ang importansya ng edukasyon sa buhay natin, kaya naman gagamitin ko ito sa aking araw-araw na pamumuhay.*" ay may maling paggamit ng lingguwistika dahil hindi malinaw kung ano ang tinutukoy ng panghalip na "ito" sa pangalawang bahagi ng pangungusap. Maaaring ipakahulugan na ang "ito" ay tumutukoy sa sanaysay, ngunit batay sa diwa ng pangungusap, mas akma na ito ay tumukoy sa "edukasyon." Dahil sa hindi tiyak na referensiya, maaaring magdulot ito ng kalituhan sa mga mambabasa. Upang maitama ang pangungusap at gawing mas malinaw ang pagpapahayag, maaaring ito ay baguhin tulad ng:

> "*Ang sanaysay na ito ay nakatulong sa akin upang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon sa ating buhay, kaya naman sisikapin kong ipatupad ang aking mga natutunan sa araw-araw na pamumuhay.*"

Sa ganitong pagbabago, naging mas malinaw ang pangungusap, at ginamit ang mas pormal na salitang "kahalagahan" imbes na "importansya."

**Talahanayan 4**

*Mga Karaniwang Pagkakamali at Dahilan sa Aspektong Linggwistika ng Sanaysay ng mga Mag-aaral*

| Aspekto: Linggwistika | Karaniwang Pagkakamali | Posibleng Dahilan |
|---|---|---|
| Linggwistika | Redundant na metapora ("minsan nasa baba, minsan nasa ilalim") | Kakulangan sa tamang paggamit ng lohikal na paghahambing |
| | Hindi malinaw na referensiya ng panghalip ("ito") | Hindi malinaw ang pagkakaunawa sa tamang gamit ng panghalip |
| | Paggamit ng hiram na salita (hal. importansya) sa halip na katutubong katumbas | Pagkasanay sa kolokyal o imortam na gamit ng wika |
| | Mga pagkakamali sa gramatika, bantas, at pagpili ng salita | Kakulangan sa sapat na kaalaman at pagsasanay sa gramatika/bantas |

Ang kaalaman sa linggwistika ay nakatutulong sa mag-aaral na makabuo ng wasto at malinaw na pangungusap, maayos na teksto, at epektibong paghahatid ng mensahe. Bukod dito, pinapalawak nito ang kakayahang komunikatibo, o ang abilidad na gamitin ang wika nang angkop sa hinihingi ng isang interaksiyong sosyal (Hymes, 1972). Ayon kina Pinker (2018), Henter at Indreica (2014), ang replektibong pagsulat ay nakatutulong sa pagpapalakas ng metakognitibong pag-iisip, pag-unawa sa gramatika, at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagsusulat. Sa ganitong proseso, nagkakaroon ang mag-aaral ng kalayaan na ipahayag ang sariling damdamin at kaisipan, habang natututo ring mag-analisa at magsuri ng teksto nang mas malalim. Upang matugunan ang mga hamon sa linggwistika, mahalaga na maglaan ng sapat na panahon ang guro at mag-aaral sa pag-aaral ng gramatika, bantas, semantika, at pragmatika, at isama ang mga ito sa praktikal na pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay upang mas mapaunlad ang kakayahan sa malinaw at mabisang pagpapahayag.

**Argumentasyon**

Ang argumento sa pagsulat ng replektibong sanaysay ay ang pagpapakita ng personal na karanasan, refleksyon, at pag-unawa sa isang partikular na karanasan o pangyayari. Sa halip na magbigay ng mga datos o impormasyon, ang manunulat ng replektibong sanaysay ay nagbibigay ng kanyang mga personal na kaisipan at emosyon tungkol sa isang paksa. Sa pamamagitan ng pagsulat ng replektibong sanaysay, ang manunulat ay nagbibigay ng kanyang sariling perspektibo sa isang partikular na karanasan o pangyayari. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanya na magpakita ng kanyang kakayahan sa pag-analisa ng kanyang sariling karanasan, pagtukoy sa mga positibo at negatibong aspeto nito, at pagpapakita ng kanyang mga natutunan mula dito. Ito rin ay mahalaga sa akademikong konteksto dahil ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magpakita ng kanilang pag-unawa at paglago sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga personal na karanasan. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na magpakita ng kakayahan sa pag-analisa, pag-iisip nang malalim, at pagpapakita ng emosyon sa mga kaisipan at opinyon na kanilang ibinabahagi. Ang replektibong sanaysay din ay isang mahalagang kasanayan sa pagsulat na nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magpakita ng kanilang personal na karanasan, refleksyon, at pag-unawa sa isang partikular na paksa o karanasan. Ito ay nagbibigay ng kakayahan sa kanila na magpakita ng kanilang sariling boses at perspektibo sa mga kaisipan at opinyon na kanilang ibinabahagi. Ito ay isang halimbawa ng isang argumentong kinuha mula sa isinulat ng mag-aaral:

"*Ito ang aking opinyon at walang dapat magbago nito. Hindi ko kailangang magpakatotoo sa ibang tao dahil ito ay tungkol sa akin at sa aking perspektiba lamang. Kung hindi mo ito gusto, huwag mo na lang basahin.*"

Mapapansin na ang argumentasyon ng mag-aaral ay nakatuon lamang sa sariling pananaw at hindi nagbibigay halaga sa opinyon ng iba, kaya limitado ang diskusyon at pag-unawa sa isyu. Dahil dito, nawawala ang oportunidad para sa mas malalim na pagsusuri at pagpapalawak

ng perspektibo. Ayon kina Lyons at Cassebohm (2012) at Williams et al. (2015), ang patuloy na pagsusuri at paglilimi sa paksa ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng pagsusulat, paglinang ng higher-order thinking skills, at pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw sa isang diskusyon. Isa pang halimbawa ng isang argumentong kinuha mula sa isinulat ng mag-aaral:

> *"Hindi ko pinapansin ang ibang mga pananaw dahil alam kong tama ako. Alam ko ang tamang solusyon para sa problema at hindi ko kailangang magbago ng pananaw. Kung may mga tao na hindi sumasang-ayon sa akin, ito ay dahil sila ay mali."*

Makikita sa pangalawang argumentasyon na isinulat ng mag-aaral ay nagpapakita ng pagiging matigas ng ulo at pagkukulang sa pagkamalikhain. Hindi ito nagbibigay ng halaga sa pagtugon sa mga hamong inilalatag ng ibang tao at hindi nagbibigay ng oportunidad para sa diskusyon at debate. Ang isang replektibong sanaysay ay dapat na nagbibigay ng halaga sa pagkakaroon ng bukas na isip at pagpapahalaga sa ibang mga pananaw.

Ayon kay Cho (2017), ang patuloy na paggamit ng replektibong pagsulat ay nakatutulong upang maging kritikal sa pag-iisip sa pagpili at pagtala ng mga datos tulad ng sitwasyon, estadistikang datos, at batayan upang maipaliwanag nang malinaw ang paksa. Hindi lamang simpleng paglalarawan ng suliranin ang kailangan sa paglalarawan ng isang paksa sa kritikal na paraan, kailangan din ng pagbuo ng pansariling pedagogikal na pananaw tungkol sa mga kadahilanan kung bakit nagkaroon ng suliranin at kung ano ang mga ideyang susuporta sa mga pananaw na ito. Isang halimbawa ng isang argumentong na kinuha mula sa isinulat ng mag-aaral:

> *"Sa pagsulat ng replektibong sanaysay, natutunan kong hindi sapat ang personal na opinyon; kailangang gumamit ng ebidensya upang pagtibayin ang argumento. Halimbawa, nang talakayin ko ang halaga ng oras sa pag-aaral, ginamit ko ang pananaliksik nina Zimmerman at Schunk (2011) na nag-uugnay ng time management sa academic performance. Dahil dito, mas naging makatuwiran at kapani-paniwala ang aking sanaysay. Samakatuwid, ang akademikong pagsulat ay hindi lang pagpapahayag ng pananaw kundi pagsuporta rito gamit ang lohikal at makatotohanang batayan."*

Batay sa isinulat ng mag-aaral, malinaw na naunawaan niya ang kahalagahan ng paggamit ng ebidensya sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Hindi sapat na ilahad lamang ang sariling opinyon; kailangang suportahan ito ng pananaliksik o lohikal na paliwanag upang maging makatuwiran at kapani-paniwala. Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng paggamit ng pananaliksik nina Zimmerman at Schunk (2011), na nagpatunay na may ugnayan ang epektibong pamamahala ng oras sa pagganap ng isang mag-aaral sa akademya. Dahil dito, naging mas matibay ang

**Talahanayan 5**

*Mga Karaniwang Pagkakamali at Dahilan sa Aspektong Argumentasyon ng Sanaysay ng mga Mag-aaral*

| Aspekto: Argumentasyon | Karaniwang Pagkakamali | Posibleng Dahilan |
|---|---|---|
| Argumentasyon | Pagpapahayag ng opinyon nang hindi nagbibigay ng espasyo sa ibang pananaw | Kakulangan sa bukas na pag-iisip at kakayahan sa pakikipagdiskurso |
| | Matigas na paninindigan na walang pagsasaalang-alang sa alternatibong pananaw | Limitadong kasanayan sa kritikal na pag-iisip at pagsusri ng isyu |
| | Kawalan ng ebidensya o lohikal na batayan upang suportahan ang opinyon | Hindi paggamit ng mga kaugnay na sanggunian at pananaliksik |
| | Puro personal na perspektibo at emosyon ang inilalahad | Hindi sapat ang pag-unawa sa akademikong pagsulat bilang mapanuring gawain |
| | Hindi malinaw ang pagbubuo ng argumentong may simula, gitna, at kongklusyon | Kakulangan sa organisasyon ng ideya at pagsasanay sa lohikal na paglalatag |

kanyang argumento, na nagpapatunay na ang akademikong pagsulat ay hindi lamang isang personal na repleksyon kundi isang masusing pagsusuri ng ideya gamit ang makatotohanang batayan. Ang ganitong proseso ay nagpapalawak hindi lamang ng kanyang kasanayan sa pagsulat kundi pati na rin ng kanyang kritikal na pag-iisip at kakayahang magsuri ng impormasyon.

Ang pagsulat ng replektibong sanaysay ay nangangailangan ng kritikal na pag-iisip upang suriin ang sariling karanasan, opinyon, at pananaw sa isang paksa. Hindi sapat na ilahad lamang ang impormasyon; mahalaga ring unawain kung paano ito nakaapekto sa sarili at sa iba, at kung ano ang mga aral na maaaring matutunan mula rito. Sa ganitong paraan, napapalawak ang pag-unawa sa sariling kaisipan, naiintindihan ang perspektiba ng iba, at mas naipapahalaga ang mga isyung panlipunan at personal na karanasan.

## Kalakasan at Kahinaan ng Mag-aaral sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay

Ang replektibong sanaysay ay isang uri ng pagsulat na naglalayong magpakita ng pag-unawa at pagpapahalaga sa isang partikular na karanasan, pagsusuri sa kahalagahan nito, at pagbibigay ng mga personal na repleksyon o pagsasaalang-alang tungkol sa karanasan na ito. Narito ang ilang posibleng kalakasan at kahinaan ng mag-aaral pagdating sa pagbuo ng replektibong sanaysay: Ang ilan sa kalikasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanysay ay maaring magpakita ng personal na karanasan at mga repleksyon na maaaring mag-udyok sa mambabasa upang magpakita rin ng personal na repleksyon.

### *Kahinaan*

Bagaman mahalaga ang pagsulat ng replektibong sanaysay sa pagpapalalim ng pag-unawa sa sarili at sa mga karanasang humuhubog sa isang indibidwal, hindi maikakaila na may ilang hamon o kahinaan ang mga mag-aaral sa pagbuo nito. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang kahirapan sa malinaw at maayos na pagpapahayag ng kanilang damdamin at pananaw, lalo na kung hindi nila lubos na nauunawaan ang konsepto ng repleksyon.

Sa kahinaan naman ay maaring maging sobrang personal ang pakikitungo sa karanasan kaya hindi naunawaan ng mambabasa, pwede ring magpakita ng mga ideya na hindi kapanipaniwala o walang basehan sa tunay na buhay. Maaring mahirap magpakita ng kaakibat na analisis sa personal na karanasan at m aaring mahirap maipakita ang mahahalagang punto o konsepto sa pamamagitan ng mga personal na repleksyon lamang. Halimbawang isinulat ng mag-aaral:

> *“Sa aking buhay, marami akong naranasan na iba’t ibang sitwasyon. Isa sa mga ito ay noong ako ay sumali sa isang patimpalak sa paaralan. Masaya ako noong una, pero nang dumating ang araw ng patimpalak, kinakabahan ako at parang hindi ko alam ang aking gagawin. Kahit na ganun, ginawa ko pa rin ang lahat ng aking makakaya."*
>
> *"Sa patimpalak, napansin ko na maraming magagaling at mahusay na kalahok. Narinig ko ang kanilang galing at ako ay talagang namangha. Natapos ang patimpalak at hindi ako nanalo. Malungkot ako noong una pero naisip ko na okay lang naman kasi nagkaroon ako ng bagong karanasan."*
>
> *Sa pangyayaring ito, natutunan ko na dapat hindi tayo sumuko. Dapat maging matapang tayo sa anumang pagsubok. Ang mahalaga ay sumubok at gawin ang lahat ng makakaya natin.”*

Mula sa sinabi ng mag-aaral, makikita na bagamat may isinulat siya tungkol sa kanyang karanasan, hindi ito nagpapakita ng mas malalim na pagsusuri sapagkat ang kanyang natutunan ay masyadong pangkalahatan, tulad ng pagsasabing "Dapat hindi tayo sumuko," ngunit hindi ipinaliwanag kung paano ito lumalim sa kanyang pagkatao o kung paano niya ito magagamit sa hinaharap; bukod dito, ang sanaysay ay parang simpleng pagkukuwento lamang ng isang pangyayari na walang malinaw na paghahati sa mga bahagi gaya ng pagpapakilala ng karanasan, pagsusuri sa epekto nito, at pag-uugnay sa iba pang aspekto ng buhay, kaya't hindi nagiging epektibo ang daloy ng sanaysay, at dahil dito, hindi rin ito gumagamit ng konseptwal na koneksyon na maaaring makatulong sa repleksyon, tulad ng pag-uugnay sa teorya ng "Growth Mindset" (Dweck, 2006), na nagsasabing ang kabiguan ay isang hakbang patungo sa pag-unlad, o sa isang kaugnay na kasabihang "Ang pagkatalo ay isang hakbang patungo sa tagumpay," kaya't lalong hindi nagiging personal at emosyonal na tunay ang sanaysay sapagkat hindi gaanong nadarama ang damdamin ng mag-aaral, na kung saan mas mainam sana kung ipinakita niya kung paano siya naapektuhan ng kanyang kaba o

lungkot nang hindi siya nanalo, at kung paano siya bumangon mula sa kabiguang iyon at kung paano ito nakaapekto sa kanyang buhay.

Ayon naman sa pag-aaral nina Chalmers at Ussher (2011) nakita niya na ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay ay ang kakulangan sa kaalaman sa mga estratehiya ng pagsulat tulad ng pagbuo ng mga balangkas at mga puntos, at kakulangan sa paggamit ng mga ebidensya upang suportahan ang kanilang mga argumento. Samantalang, ang mga kalakasan ng mga mag-aaral ay ang kanilang kakayahang magpakita ng personal na karanasan at pag-unawa sa isyu na kanilang pinag-aaralan.

Ayon sa pag-aaral nina Gatcho at Ramos, (2020) nakita niya na isa sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay ay ang kakulangan sa kaalaman sa teknikal na aspeto ng pagsusulat tulad ng estruktura, grammar, at paggamit ng tama at wastong salita. Samantalang, isa sa mga kalakasan ng mga mag-aaral ay ang kakayahang magpakita ng kanilang personal na opinyon at karanasan sa pamamagitan ng pagsulat ng replektibong sanaysay.

**Kalakasan**

Ang pagsusulat ng replektibong sanaysay ay isang mahalagang kasanayan na nagpapalalim sa pag-unawa ng isang mag-aaral sa kanyang sarili at sa mga karanasang humubog sa kanyang pananaw. Sa pamamagitan nito, nagagawa niyang suriin ang kanyang emosyon, matuto mula sa mga pangyayari, at mailahad ang kanyang saloobin sa isang masining at organisadong paraan.

> "*Madali akong makakonekta sa aking mga personal na karanasan, kaya mas nagiging makabuluhan ang aking sanaysay.*"

Sinabi ng mag-aaral na "*Madali akong makakonekta sa aking mga personal na karanasan, kaya mas nagiging makabuluhan ang aking sanaysay*" ay nagpapakita ng isang mahalagang kakayahan sa pagsulat ng replektibong sanaysay—ang pagbibigay ng personal na koneksyon sa isang paksa, kung saan mahalaga ang pag-uugnay ng sariling karanasan sa natutunan mula sa isang sitwasyon, aralin, o pangyayari upang mapalalim ang pagninilay dahil nagiging mas totoo at emosyonal ang sanaysay, mas madaling ipaliwanag ang isang konsepto o natutunan, nagpapakita ito ng mas malalim na pag-unawa, at higit sa lahat, nagpapadali ito sa proseso ng pagsusulat dahil hindi na kailangang pilitin ang pagbuo ng mga ideya sapagkat ang mga ito ay nagmumula mismo sa sariling damdamin at karanasan, kaya naman ang kakayahan ng isang mag-aaral na ikonekta ang kanyang personal na karanasan sa isang sanaysay ay nagiging daan upang ang kanyang repleksyon ay maging tapat, makahulugan, at epektibo, na nagbubunga ng mas malalim na kahulugan sa kanyang isinulat dahil hindi ito basta teorya o ideya kundi isang tunay na pagninilay mula sa kanyang sariling buhay.

Isa pang sinabi ng mag-aaral:

> "*Nakakatulong ang pagsulat ng replektibong sanaysay upang mas maunawaan ko ang aking sarili at ang epekto ng mga pangyayari sa aking buhay.*"

Ang pahayag ng mag-aaral ay "*Nakakatulong ang pagsulat ng replektibong sanaysay upang mas maunawaan ko ang aking sarili at ang epekto ng mga pangyayari sa aking buhay*", ipinapahayag niya na ang pagsusulat ng replektibong sanaysay ay isang mahalagang proseso ng pagninilay na nagbibigay-daan upang mas mapalalim ang kanyang pang-unawa sa sarili, dahil sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga karanasan at emosyon, nagkakaroon siya ng mas malinaw na pananaw sa kanyang mga pinagdadaanan, natututo mula sa mga ito, at mas nauunawaan kung paano ito nakaaapekto sa kanyang buhay, kaya naman nagiging makabuluhan ang pagsusulat hindi lamang bilang isang akademikong gawain kundi bilang isang paraan upang tuklasin ang sariling damdamin, pag-iisip, at mga natutunang aral sa buhay.

Binigyang-diin ni Tindal (2017) na mahalaga ang replektibong pagsulat sa akademikong sulatin dahil binibigyan nito ng kontrol ang mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pag-unawa at pagsusulat. Tinutulungan nitong mawala ang takot sa pagsulat at pinapayagan silang tuklasin at pinuhin ang sariling kakayahan. Ayon kay Malicsi (2017) hindi lamang ito tungkol sa serye ng pangungusap kundi sa pagkakaugnay ng mga ito sa pamamagitan ng panghalip, pandiwa, at iba pa. Samantala, iginiit ni Moussa-Inaty (2015) na ang replektibong pagsulat ay nakabatay sa karanasang may kaugnayan sa lipunan, nagsisilbing tulay ng komunikasyon sa pagitan ng manunulat at mambabasa.

**Panukalang Gawain para sa Pagpapaunlad ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin**

Ang pagsulat ay isang mahalagang kasanayan sa akademikong larangan. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaisipan, nalilinang ang kanilang kritikal na pag-iisip, at nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang mga aralin. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat ng akademikong sulatin dahil sa kakulangan ng sapat na pagsasanay at gabay sa tamang proseso ng pagsulat. Upang matugunan ito, nararapat lamang na ipatupad ang mga estratehiyang magpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagsulat, tulad ng journal writing, case analysis, at pagsulat ng sanaysay batay sa tunay na karanasan.

Ang journal writing ay isang epektibong paraan upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang saloobin at pagsusuri ng mga pangyayari sa kanilang paligid. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng oportunidad na magsanay sa malayang pagsulat, na siyang pundasyon ng mas mataas na antas ng akademikong pagsulat. Bukod dito, ang pagsasanay sa pagsulat ng journal ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo at pagpapabuti ng kanilang istruktura ng pangungusap.

Mula sa pag-aaral nina Garcia at Ramirez (2018), natuklasan na ang paggamit ng journal writing bilang estratehiya ay epektibong nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat at pagninilay.

Samantala, ang case analysis naman ay isang estratehiyang nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pagsisiyasat. Sa paraang ito, natututo silang magsuri ng isang sitwasyon o kaso gamit ang lohikal na pag-iisip at batay sa mga ebidensya. Ang ganitong gawain ay nakakatulong sa kanila upang mahasa ang kanilang kakayahan sa pangangatwiran at pagbibigay ng akademikong opinyon na may matibay na batayan.

Samantala, ayon kay David (2019), ang case analysis ay isang mahalagang kasanayan sa akademikong pagsulat dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng mga tunay na sitwasyon gamit ang lohikal na pangangatwiran.

Ayon kay Sevillano at Dela Cruz (2020), ang akademikong pagsulat ay isang mahalagang kasanayan na kailangang malinang sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang magsuri ng impormasyon.

Dagdag pa rito, mula sa pananaliksik nina Santos at Villanueva (2021), ang pagsulat ng sanaysay batay sa tunay na karanasan ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalaysay at mas lalong mapalalim ang kanilang pag-unawa sa kanilang aralin.

Higit pa rito, ang pagsulat ng sanaysay batay sa tunay na karanasan ay isang mabisang paraan upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng akademikong sulatin. Sa pamamagitan ng pag-ugnay ng kanilang personal na karanasan sa mas malalim na konsepto, natututo silang gumawa ng makabuluhang pagsusuri at pagsasalaysay. Ang ganitong uri ng pagsulat ay hindi lamang nagpapalakas sa kanilang kakayahang magpahayag nang malinaw at may lalim kundi nagpapalawak din ng kanilang pananaw sa mundo.

Sa kabuuan, ang pagpapatupad ng journal writing, case analysis, at sanaysay batay sa tunay na karanasan ay isang mabisang panukala upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ang tatlong estratehiyang ito ay hindi lamang naglalayong pagbutihin ang kanilang teknikal na kakayahan sa pagsulat kundi pati na rin ang kanilang kakayahang mag-isip nang mas malalim, magsuri nang mas matalino, at magsulat nang mas epektibo. Sa ganitong paraan, mas magiging handa sila sa hamon ng mas mataas na edukasyon at sa tunay na buhay kung saan mahalaga ang malinaw at makabuluhang pagpapahayag ng ideya.

## Kongklusyon

Ang pagsulat ng replektibong sanaysay ay tumutulong sa mas malalim na pag-unawa sa sariling karanasan. Nasusuri ito batay sa wastong paggamit ng wika, lohikal na pangangatwiran at maayos na pagpapahayag ng ideya. Sa pagsulat ng replektibong sanaysay, malakas ang mga mag-aaral sa pagpapakita ng personal na karanasan

ngunit mahina sa estratehiya, kaya mahalaga ang gabay at pagsasanay. Pagkakaroon ng iba't ibang aktibidad na may kinalaman sa pagsulat ng replektibong sanaysay tulad ng journal writing, repleksyon sa pelikula o akda, at pagbabahagi ng sariling karanasan.

## Rekomendasyon

Base sa resulta ng pananaliksik, nabuo ang mga susmusunod na rekomendasyon: (a) magpatuloy sa pagbibigay ng mga gawaing nakabatay sa karanasan upang higit na malinang ang kakayahan sa replektibong pagsulat.; (b) Maglaan ng gabay at pagsasanay sa paggamit ng wika at estratehiya sa pagbuo ng lohikal at maayos na sanaysay.; at (c)Isama sa pagtuturo ang iba't ibang interaktibong aktibidad tulad ng journal writing at repleksyon sa pelikula upang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahayag ng damdamin at karanasan.

## Talasanggunian


Abadilla, F. (2018). Exploring modern Filipino poetics. *Philippine Literary Journal*, 12(3), 45–60.

Alcober, M.P. (2015). Pamantayan sa pagsusuri ng mga sanaysay: Isang gabay para sa mga guro. Kagawaran ng Edukasyon.

Bernardo, A. (2018). Scaffolding techniques in enhancing students' writing skills: The role of guided questions and journal writing.

Bricki, N., & Green, J. (2017). A guide to using qualitative research methodology. Medecins Sans Frontieres.

Chalmers, J., & Ussher, B. (2011). Reflective writing in higher education: Issues and approaches. Waikato University Research Commons. https://researchcommons.waikato.ac.nz/bitstreams/bf12d683-fb9f-4440-bed3-4574c0f02fb8/download

Cho, H. (2017). Reflective writing and critical thinking skills: An analysis of students' academic essays.

Chong, L., Tan, M., & Lee, J. (2019). The effect of rubrics and feedback on student reflective writing. *Journal of Education Research*.

Coppen, P., & Rijt, W. van. (2020). Linguistic competence and academic writing.

Datuin, M.A. (2022). *Isang pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay*. Unpublished thesis.

David, B. (2019). Case analysis as a tool for developing critical thinking in academic writing. David Publisher. https://www.davidpublisher.com/Public/uploads/Contribute/662f03f25941c.pdf

De Guzman, A.B. (2013). *Cool and warm analysis: A method for qualitative data interpretation*. Unpublished manuscript.

Dweck, C.S. (2006). *Mindset: The new psychology of success*. Random House.

Flavell, J.H. (1979). Metacognition and cognitive monitoring: A new area of cognitive–developmental inquiry. *American Psychologist,* 34(10), 906–911.

Flower, L., & Hayes, J.R. (1981). A cognitive process theory of writing. *College Composition and Communication*, 32(4), 365–387.

Gatcho, A.R., & Ramos, E.T. (2020). Common difficulties of students in writing reflective essays: A case study. *SABA Journal of Teaching and Learning Studies*, 6, 45–58. https://sabapub.com/index.php/jtls/article/view/6

Garcia, M., & Ramirez, J. (2018). Journal writing as a strategy to enhance students' understanding and practice of academic writing. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/266879750

Grabe, W., & Kaplan, R.B. (1996). Theory and practice of writing: An applied linguistic perspective. Longman.

Halliday, M.A.K., & Hasan, R. (1976). Cohesion in English. Longman.

Henter, I., & Indreica, M. (2014). Reflective writing and metacognitive development in language learning. *Journal of Language Teaching and Research*.

Hymes, D. (1972). *On communicative competence*. In J. B. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics (pp. 269–293). Penguin.

Hyland, K. (2005). Metadiscourse: Exploring interaction in writing. Continuum.

Jones, A.B. (2019). Innovative approaches to improving student literacy. *Journal of Educational Research,* 42(3): 215–230.

Kellogg, R.T. (2008). Training writing skills: A cognitive developmental perspective.

Lyons, J., & Cassebohm, J. (2012). Developing higher order thinking through reflective writing.

Moon, J., & Fowler, J. (2021). Reflective writing in higher education: Theory and practice.

Malicsi, J. (2017). Metadiscourse and coherence in academic writing. Academic Press.

Moussa-Inaty, J. (2015). Reflective writing in education: Linking personal experience and social context. *International Journal of Educational Research*, 7(2), 101–115. https://www.ijeresearch.org

Murray, R., & Hughes, G. (2008). *Writing up your university assignments and research projects* (3rd ed.). Open University Press.

Nguyen, T., & Nguyen, H. (2020). Common challenges in reflective essay writing among high school students. *Journal of Education Research*, 12(2), 45–58.

Pinker, S. (2018). *Words and rules: The ingredients of language*. Basic Books.

Ramos, E.T. (2022). Improving senior high school students' writing skills through feedback and guidance.

Santos, R., & Villanueva, M. (2021). The effectiveness of writing essays based on real experiences in developing students' academic writing skills. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/395209720

Schön, D.A. (1983). *The reflective practitioner: How professionals think in action*. Basic Books.

Schunk, D.H., & Zimmerman, B.J. (2011). *Handbook of self-regulation of learning and performance* (2nd ed.). Routledge.

Sevillano, V., & Dela Cruz, J. (2020). Developing critical thinking through academic writing. *MDPI Education Sciences*, 12(4), 248. https://www.mdpi.com/2227-7102/12/4/248

Silva, R. (2020). Reflective essay writing and critical thinking skills in high school students. *Journal of Academic Skills Development*, 15(3), 55–70.

Tindal, G. (2017). The role of reflective writing in student learning. Routledge.

Williams, J., Woolliams, M., & Spiro, J. (2015). Critical thinking and reflective writing in higher education.